

Derby

Joselito D. Delos Reyes

Hindi akalain ni Jul na magsisimula sa madehadong pa-derby nila Urso sa Del Monte Cockpit Arena ang pinakamahabang araw niya. Natalo ang huli at liyamadong manok ni Urso, “parang binaril,” ayon sa handler. Samantala, si Urso, tunay na binaril pagkatapos ng derby. Haka ng marami, pinatay si Urso dahil sa trabaho niya bilang kolumnista ng *Bulgaran*, at isa ang among meyor ni Jul sa mga may motibo para patahimikin si Urso na pangulo ng Camanava Press Corps.

Totoong gustong apulain ni Jul ang “lambing” kay meyor ng kolum ni Urso, pero hindi sa paraang bistayin si Urso ng tingga. Naipit si Jul sa labo-labo ng camera, walkie-talkie, mikropono, at nag-iisang text message na nagbabantang isusunod siyang likidahin. Sa bisa ng isang text message, nakita ni Jul ang hindi kagandahang mukha ng gaya ni Urso. Sa bisa ng isang text message, mababasa ni Jul ang mga kubling mensahe sa pagi-pagitan ng mga balita sa dyaryo at ng mga nagbabalita sa dyaryo. Sa bisa ng isang text message, malalaman ni Jul kung paano mapabilang sa isang liyamadong derby. Ngunit kaiba sa lahat ng derby, mistulang isa siya sa makikipaglabang tandang.



ASA PABABANG BAHAGI ng MacArthur Highway sa Malabon, padausdos sa ilog Tullahan, ang malaking layak ng kahoy, yero, at magaspang na kongkreto na kung tawagin ay Del Monte Cockpit Arena. Elementarya pa lang ako, Del Monte na ang Del Monte na sintanda na yata ni Heneral MacArthur. Ilang bihis na ng may-ari at pangalan ang ibang kakumpitensiyang sabungan sa Camanava, pero ang Del Monte, Del Monte pa rin.

Kinawayan ako ni Bilibet, ang ayudante ni Urso, nang malapit na ako sa takilya ng sabungan. Kinausap ni Bilibet ang bantay sa pinto. Tumango ang nakasimangot na bantay na kakambal yata ni Odette Khan. Humiwalay ako sa pila ng mga papasok na sabungero. Umingit ang dispalenghadong stainless na turnstile ng sabungan. Maliwanag ang cock house nila Urso na nasa labas ng gradas. Nakipagsalimbayan sa hiyawan ng mga namumusta ang kakak at tilaok ng mga tandang. Binayo ako ng ingay ng pa-3-cock derby ng Camanava Press Corps.

Sa loob ng sa tantiya ko'y tres por tres metrong inespasol sa alikabok na cock house na pinaghatiran sa akin ni Bilibet, bumungad si Urso tangan ang makisig na talisain, sinisipat ang pileges ng pakpak. Paibabaw sa kaniyang antipara ang nangingilalang tingin sa akin ni Urso. Tinanguan lang niya ako nang akma kong kakamayan. Iminuwestra ng nguso niya ang upuang monoblock para upuan ko. Inilapag ang tandang sa scratching pen na pinatungan ng fluorescent lamp na panlimber para masanay ang talisain sa liwanag ng salpukan sa ruweda. Sa isang sulok, binuksan ni Urso ang isang cooler ng ice candy, inilabas ang namamawis sa lamig na Fundador. Humugot ng disposable na baso si Urso sa supot ng 7-11. Pinangalahati sa baso ang alak. Kinamayan ako bago iniabot sa akin ang basong singnipsis ng cellophane.

“Alak ‘pag derby, ha. Sa lamayan lang ang kape,” maaskad na siste ni Urso sa akin. “Napwersa lang kayong mag-entry ng amo mo, ‘no.”

“Sori po, Ser Urso, wala kaming alam sa sabong ni Meyor kaya si Konsehal Dumalang na lang pinag-entry namin.” Inalog-alog ko ang basong cellophane na halos mayupi kahit sa banayad na pagkakahawak ko.

“Namputakte, mag-eentry lang kayo ‘yun pang bantres ha. Kayo pa last fight ko.”

Kasunod ng dumadagundong na hiyawan mula sa loob ng sabungan ang paghangos ng tatlong lalaki papasok sa cock house.

“Dale si Siochi, Urso, hahaha. Nadale sa karyuhan,” humihingal na pagbida ng mabilog at pawisang handler ng manok ni Urso. “Anlalim ng tawag, lo-dyes, may onse pa. ‘Kala siguro pantupada lang lemon naten.”

Ayon sa kuwento ng naglililab na handler, parehong pamatay ang tama ng mga manok sa unang salpukan pa lang. Naleegan agad ang dehadong pulang linaw ni Urso ng lasak ni Siochi, ang pinakakilalang sabungero ng Obando. Pero nang kumikig ang manok ni Urso, nasalo at bumaon sa kilikili ng kay Siochi, malalim ang tama kaya naunang namatay. Nakatuka lang ang pulang linaw pero nautas rin. Wala pang sangminuto ang itinagal sa ruweda ng dalawang mandirigmang tandang.

“Tangna, katsaw sana, two wins na ‘yun,” panghihinayang ni Urso.

“Pero for-champion naman tayo,” sabat ng mananari ni Urso habang nagsasalin ng Fundador sa baso ng Nescafe.

“Stay put ka lang d’yan bugoy ha,” angas sa akin ni Urso, “Hintayin natin si Orly at Braulio saka natin ayusin ‘yang agenda n’yo,” humugot si Urso sa pitaka, pinigilan ko. Nag-abot ako kay Bilibet ng dalawanlibo, pambili ng pulutan at dagdag na bote ng Fundador. Tumingin ang ayudante kay Urso, nagpapaalam ang tingin kung tatanggapin ang perang iniaabot ko.

“Kunin mo. Bili ka pa’ng dalawa. Saka pansit. Saka makukukot. Ipa-kakapon ko betlog nyo ‘pag tinalo tayo ng bantres neto mem’ya,” singhal ni Urso kay Bilibet.

Sa ganap na alas-nuwebe ng gabi, nagsimula ang hindi ko inaasahang pinakamahabang araw ng buhay ko.

“BAKET, DI KO NAMAN ginustong maging president a. Gusto ko lang naman, ayusin kami. Hindi na ‘ko tatakbo next year. Ayosh na kami e, bati-bati na lahat,” sabay higop ni Urso sa laman ng disposable na baso at pag-ayos ng nawala sa puwestong antipara. Sumampiyad ang Fundador. Pinahiran niya ng kuwelyo ang bibig. Nagsalin uli si Urso, dinakdakan ng piraso ng mga natutunaw na tube ice galing din sa cooler.

Halos umapaw ang baso ni Urso sa dami ng itinaktak na yelo. Kumunat na ang binili ni Bilibet na tsitsarong baboy, buto-buto na lang ang dalawang Andok’s. Sa ilalim ng plywood na lamesita, madalas tamaan ng paa

ko ang nakatimbuwang na dalawang boteng basyo ng Fundador. Maasap na maasap sa usok ng sigarilyo ang cock house.

“Kung hindi ba sa ‘kin sa’n pupulutin ‘tong lintik na samahan na ‘toh? Ako lang bumuhay dito, inisyatib ko lang,” himutok ni Ursong kahawig ng pinapusyaw at pinalapad na Ben Tisoy habang inaayos ang nawala uli sa puwestong salamin sa mata. Inayos din ang nagulong kombinasyon ng ubaning buhok sa manipis na tuktok na kumikinang sa pawis, at pinahiran uli ng kuwelyo ang bibig na nangingintab sa mantika. Umatungal ang koro ng mga dehadista.

Mag-aalas-tres na ng madaling araw noon. Nakasandal na sa kalawang-ning chicken wire ng cock house ang vice president, si Braulio ng *Metro Bulletin*. Ala-una nang umalis si Orly ng *Balitaan*, auditor, kakatagpuin ang syota niyang floor manager ng Love Boat sa Caloocan. Sa Bagong Barrio na daw sila magrerelaks. Humingi sa akin ng balatong sanlibo bago umalis, pang-good time daw.

Na-fastest kill ng bantres ni Konsehal Dumalang ang pang-champion ni Urso na nag-roll ng paradang binakasan ko ng tres mil. Parang binaril ang last fight ng naliyamadong si Urso, kuwento ni Bilibet na binantaan kaninang kakapunin kapag natalo ang talisain. Wala daw sugat ang kay Konsehal Dumalang na napabalitang lahi pala ng manok ni Pacquiao at ni Sabong Idol.

Ilan lang sina Urso, Orly, at Braulio sa mga opisyal ng Camanava Press Corps. Ang samahang niligawan ko bilang parte ng trabaho ko noon sa Public Information Office ng Malabon. Dahil mahigit sanlinggo nang puro banat ang lumalabas na balita sa diyaryo tungkol sa amin noon kaya ipinaayos sa akin ni meyor ang samahang naglalalambing diumano sa kanya.

Magdadalawang buwan pa lang ako sa trabaho noon. Kagagradweyt ko pa lang ng Political Science sa San Sebastian nang ipasok ako ni Tito Ben, kapitan ng Barangay Maysilo, dahil magandang training daw sa akin ang trabahong city hall. Makatutulong daw sa pag-aabogado ko. At baka gawin pa daw akong iskolar ni Meyor.

“Ilang taon ka nah?” maangas na usisa sa akin ni Urso habang sinisindihan ang nakasumpal na baluktot na Hope. Reporter at kolumnista ng *Bulgaran* si Urso na siya ring pangulo ng Caloocan Malabon Navotas Valenzuela o Camanava Press Corps. Hindi ko alam kung dahil sa tama ng Fundador o dahil kakaunti na ang laban kaya parang nanahimik na ang

sabungan ng madaling araw na iyon pagkatapos ang dehadong sultada.

“Ilang taon ka nah?! Hindi ka na sumagot d’yan. Ano ngah uli pangalan mo? Bugoy ba talaga?”

“Julius pero Jul po tawag sa ‘kin. Bente dos lang ako, Ser Urso.”

“Taena, wala bang mas matanda sa ‘yo? Unfair kamo shi pareng Meyor, bagets ang pinapaharap sa amin e forgets na kamih. Dapat senior versus senior, hindi junior versus senior, lugi kamih n’yan eh, ‘di ba Braulio? Braulio? Tangnang ‘to’ tinulugan na naman ako porke nasimot na koh.” Dinukwang ni Urso si Braulio sa pagkakasandal sa chicken wire, sinundot-sundot ang tagiliran. Naalimpungatan si Braulio. Ininom ang laman ng baso niyang natunawan na ng yelo. Nang maubos ang laman, binuhusan uli ng Fundador at dinakutan ng yelo na nakababad na sa tubig ng cooler na nakapatong na sa mesa. Halos tubig na ang nasalok ni Braulio. Lalong naglawa ang nakasasalubsob na mesang plywood. Naghamon ng kampanya si Braulio.

“Haaaaaappppiiii beeeeeertday Oooooorrly! For champion tayoooo! Yuhooo!” Walang sumunod sa kampanya niya. Yumukayok si Braulio pagkainom nang straight sa Fundador.

“Gagoh, simot na tayo, wala na shi Horly, saka samakalawa pa bertdey no’n P’re. Sa Mystique tayo. Isponsor ni meyor. ‘Di ba, ha?” Tumatalsik ang alak at laway ni Urso habang nagsasalita. Kumindat-kindat, hindi ko alam kung mannerism o dahil nawala lang uli sa puwesto ang salamin, o para lang maobliga akong sagutin ni Meyor ang birthday ni Orly.

“Ano ba problema n’yo ng amo moh? Eh totoo naman ‘yung heksposey ni konshehal Martin na walang bidding ‘yung mga bota ah,” sabi ni Urso na nagpupunas ng laway at alak sa baba at pisngi gamit ang manggas at kuwelyo ng kaniyang halos mahubad na polong checkered na asul na dalawang butones na lang ang nakakapit.

“Gaya po ng sabi ko kanina Ser Urso, balik na po kase sa Ombudsman ‘yung kaso, may position paper naman kami kaya lang di lumalabas sa inyo,” mahina kong usal habang nakatungo, nilalaro ang manipis na basong may tumabang na Fundador. “Galing po sa calamity fund ‘yung pondo ng biniling bota at kapote kaya di na kelangan ng bidding. May statement din ang COA kaso po, ‘yun nga, di lumalabas sa dyaryo.”

Magdadalawang linggo nang paksa ng mga kolum ang meyor namin noon. Nasa unang termino pa lang si Meyor nang magsimula ang kasong pinanggigigilan ng mga komentarista sa radyong nasa dulo ng pihitan at

kolumnista ng mga tabloyd gaya ni Urso: ang pagbili ng mga bota at kapote para sa mga barangay tanod ng Malabon. Suspendido sana si Meyor kung hindi lang nakakuha agad ng TRO sa Court of Appeals. Matatapos na ang ikalawang termino ni Meyor. Pakiramdam ni Meyor gagamitin ang isyu ng bota sa eleksiyon kaya binubuhay uli nila Urso. Ang misyon ko, pakiusapan ang buong Camanava Press Corps na hinay-hinayin lang ang banat ng diyaryo at radyo sa amo ko; na baka meron pang ibang magagawa para hindi na umabot sa kasuhan ng libelo; na baka puwedeng may mapagkasunduan. At kung merong mapagkakasunduan at may kaunting gastos, baka makatulong kami ni Meyor.

“Tekha ha, lelektiyuran kitah Bugoy,” kumalas si Urso sa pagkakaupo, hinigit ang mabilog na katawan patayo tangan ang yupi-yuping baso. Lumigwak ang alak. Hinawi ng paa ni Urso ang dalawang monoblock na upuan na nakahambalang sa daraanan niya. Tumabi ng upo sa akin si Urso. Inakbayan, tinapik-tapik, at diniinan ang balikat ko. Nagsindi uli ng Hope kahit nakasindi pa ang isang kapapatong lang sa ashtray na namumulaklak na sa upos at balat ng Double Mint. Inayos uli ang maluwag at makapal na antipara. Dumura-dura ng tinga. Hindi ko alam kung may nasabi akong sablay. Magising sana si Braulio para umawat. Humanda ako sa pag-ilag kung sakaling magpakawala ng lasing na dagok o kutos si Urso sa akin.

“Lam mo, k’ya ‘ko naging president ng Camanavah, kase dahil may integrity akoh. Lahat ‘yan, may reshpeto sa ‘kin,” habang itinuturo ng daliring may nakaipit na sigarilyo ang tulog nang si Braulio. Akbay pa rin ako ni Urso, dumura-dura uli. Pumalahaw ang sigawan, masaya uli ang dehadista sa madehadong pa-derby nila Urso.

“Kaya ako naging president kase never akong nasuhulan, sabihin mo ‘yan sa meyor mong mukhang botah, ha. I hate bribery! Ulitin koh ha, I hate bribery!” Dumura-dura uli si Urso. “At ikaw ha, bago ka pa lang, bente dos anyos, samantalang ako trenta anyos nang nagmi-media. Nasa betlog ka pa lang ha, ha, press na koh. Kasabay ko sina Mike Enriquez at Kabayan. Nauna pa ‘ko kay Ted Failon. Tae pa lang ang *Bitag* ni Tulfo, press na ko. Ganyan na koh ka-antigo ha, Bugoy.”

Biglang nanuyo ang lalamunan ko. Naglasang tubig ang laman ng baso ko, makunat na makunat na ang tsitsarong baboy na sinubukan kong ngata-ngatain. Malabsa na ang sangmangkok na maning sinabawan ng tumalsik na yelo. Kumuha ako ng isang stick sa bagong bukas na kaha ng

Marlborong nabasa na ng naglalawang mesa. Tumulikod ako nang bahagya. Noon ko lang napansin na may nakatali sa likurang chicken wire na dingding, kupas na tarpaulin ng kompanyang gumagawa ng patuka sa manok. Nakasulat sa tigmak ng alikabok na tarpaulin ang pag-isponsor ng B-Meg sa derby ilang taon na ang lumipas. “Basta B-Meg Derby Ace, panalo ka!” sabi ng tarpaulin na may asiwang babaeng naka-two-piece, bantulot na bitbit ang puting tandang sa harap ng umaapaw na dibdib.

Sa tuwing lilingunin ko, pakiramdam ko, nakatitig sa akin ang asiwang babaeng kamukha ni Rufa Mae Quinto. Wala nang tubig ang plastik na pitsel ng chaser kaya ininom ko ang naglalabang pait ng Fundador at tubig sa baso kong cellophane. Wala nang mautusang bumili ng bottled water. Nananarabesya o umuwi na ang mga amuyong ni Urso na kuwaresma ang mga mukha dahil inunsiyami ng bantres ang huling laban nilang for-champion.

“Di naman po sa ganun na nanunuhol Ser, nabalitaan po kasi namin na maraming okey na projects ang samahan n’yo,” pinilit kong buuin ang boses, magtunog na may kumpiyansa. “Marami kayong projects as president gaya nitong pa-derby na ‘to. Baka lang naman makatulong kami, Ser. Halimbawa po, scholarship ng mga anak ng media sa Camanava o kaya papaayos natin office n’yo. O kaya papa-register sa SEC ang Camanava Press Foundation. Handa naman kami ni Meyor, Ser.”

Lalong umasap sa loob ng cock house. Nagsimula nang umikot at mamanglaw ang paningin ko. Sumulyap uli ako sa asiwang Rufa Mae Quintong may tandang.

“Okey, okey, ‘yan, d’yan tayo mag-shtart. Ayosh ka palang kausap e. Si Mang Max puroh angas wala namang betlog. O kampanya tayo!”

Si Mang Max ang matagal na hepe ng Public Information Office. Inilipat sa Public Parks Maintenance Office dahil hindi maampat ang pambibira ng media kay meyor bukod pa sa nakasagutan nito si Urso at ang mga opisyal niya nang minsang malasing si Mang Max sa gimikan. Inupakan din ng media si Mang Max pagkatapos ng pangyayari. “Tuta, mas maangas at mas abusado pa sa among meyor,” pamagat ng kolum ni Urso noon.

Walang hepe ang opisina namin kaya ako muna ang pinatayo noon ni Meyor na emisaryo ng city hall sa bisa daw ng kurso ko at, sabi nga ni Ninong Ben, dahil best debater at features editor ako noon sa Tinajeros National High School.

“Magkitah tayo ha, bukas, sa Mystique, ‘pakilala kitah sa adviser namin. Shikat ‘yun. Pabertdey n’yo na rin kay Orly. Hokey, ha?”

Hindi na kami nagkita ni Urso kinabukasan, o mas tamang sabihing hindi na kami nagkita nang buhay ni Urso. Isang magazine ng tingga ang inalmusal ni Urso sa Letre habang pinagagasolinahan ang kaniyang owner-type jeep nang pauwi siya pagkagaling namin sa Del Monte.

HINDI NA NAKUHANG DALHIN si Urso sa ospital. Hanggang isakay ako sa patrol ng pulis, nakahambalang pa sa Morning Blue Gasoline Station ang owner-type jeep ni Urso. At si Urso, labas ang malapad na likurang naglalawa sa dugo, nakaipit, nakatalungko, nakasiksik ang katawan sa pagitan ng manibela, upuan at sahig ng kanyang duguan ding sasakyan.

Kahihiga ko pa lang nang tawagan at papuntahin ako ni Meyor sa pinangyarihan ng krimen para ma-update siya sa pangyayari at maalalayan ang mga darating na media na magko-cover sa insidente. Alas-sais ng umaga at amoy Fundador pa ang hininga kong hindi nagawang burahin ng amoy ng Colgate nang ipakalampag ako ni Meyor. Nahihilo pa ako sa alak at puyat nang makarating sa crime scene. Doon na rin ako inimitahan ng pulis nang matuklasang magkasama kami nila Urso sa Del Monte ilang oras pa lang ang nakalilipas.

Tinawagan ko si Meyor, nagkakandautal kong sinabi na ineeskortan ako ng mga pulis patungong presinto. Pagdating sa presinto, naroon na ang hepe ng Legal Office ng city hall.

Isa-isang dumating ang media. May mga OB van at sasakyan ng mga media sa labas ng presinto. Dumating si Orly kasama si Braulio na hindi na nakapagpalit ng damit-pambahay. Pakiramdam ko, nag-amoy cock house ang masikip na reception area ng presinto ng Malabon.

Kinuhanan ako ng statement ng pulis. Bukod sa bio-data ko, itinanonong kung anong oras ang pagkikita namin sa sabungan ng nagdaang gabi at ang oras ng paghihiwalay namin sa madaling-araw, at mga pinag-usapan habang nag-iinuman. Ininterbyu ang asawa at mga anak ni Urso. Hagulgulan. Ininterbyu din ang mga kasamahan ni Urso sa media lalo na si Braulio at Orly na pinangingiliran na ng luha, at ang gasoline boy na pangunahing saksi sa krimen. Nang lapitan ako ni Gusting Avergas ng ABS para tanungin ng ilang detalye bago kami maghiwa-hiwalay ni Urso sa Del Monte, dinumog na rin ako ng media. Tinutukan ako ng mga camera, halos

mahalikan ko na ang mga cell phone, mikropono, at walkie-talkie ng mga reporter. Hindi ko alam kung sino ang uunahing sagutin. Silaw na silaw ako sa flash ng mga camera. Bumalik ang amoy at lasa ng Fundador, lit-song manok, at tsitsarong baboy. Lalo akong nahilo. Namula ang paningin at humapdi ang sikmura ko. Parang nadinig ko uli ang hiyawan ng mga dehadista. Pinilit kong hindi maduwal.

“Ano pinag-usapan n’yo sa sabungan?”

Madami po e.

“Wala bang sinabi si Urso tungkol sa death threat n’ya?”

Wala po.

“Bakit kayo inumaga?”

Derby po ‘yun. Sugal, inuman, kuwentuhan po. Hapi-hapi.

“May binanggit ba s’ya sa ‘yong kaaway n’ya?”

Wala po.

“Armado ba si Urso kanina?”

Di ko po alam.

“Empleyado ka pala ni Meyor, ipinadala ka ba ni Meyor kagabi sa derby para aregluhin si Urso?”

“Bakit ka umiiwas?”

“Magkaaway ba si Meyor at si Urso?”

“May itinatago ba kayo ni Meyor?”

Hinatak ako palabas ng hepe ng Legal Office. Naroon din ang dala-wang pulis na bodyguard ni Meyor para hawiin ang nagkulumpon sa aking media at mga usisero.

“We will wait for the proper time and venue to answer all the inquiries pertaining this sad incident,” sagot ni Atorni sa mga nagsala-salabat na cell phone, mikropono at walkie-talkie habang inilalayo ako sa media. Hindi na magkamayaw sa presinto: pisikan ng flash, sigawan ng mga reporter, mga pulis at usisero, hagulgulan. Sa mayor’s office malapit sa presinto ako dinala ni Atorni.

Noon lang ako pinayagang manigarilyo sa loob ng mayor’s office para daw ako kumalma. Binigyan ako ng utility boy ng maligamgam na bottled water. Walang nagtanong kung kumain na ako. Dumating si Meyor, may kausap sa cell phone, nang makita si Atorni, kaagad niyaya sa loob ng con-

ference room ng opisina. Nang lumabas sila sa conference room, binulungan ako ni Atorni: wala daw akong dapat banggitin sa problema ng bota at kapote ng mga barangay tanod. Banggitin ko lang daw ang detalye ng lakad kagabi sa Del Monte, walang labis, walang kulang. Si Gusting Avergas lang ang pinapasok ni Atorni para mainterbyu ako. Eksklusib.

Habang inaayos ang camera at ilaw, kausap ni Gusting Avergas si Meyor at Atorni. Kay Gusting Avergas ko narinig na sumigaw muna ang pumatay kay Urso bago siya pagbabarilin.

“Walang makikialam, mga NPA kami!” kasabay ng bunot sa armas. Nadinig daw ito ng gasoline boy na tumakbo na palayo sa Morning Blue Gasoline Station nang makita ang kulay stainless na baril ng suspek. Kasabay nito, may tumutok naman sa guwardya ng gasolinahan, hinablutan ng shotgun bago pinadapa at tinapakan sa ulo. Kalibre .45 ang ginamit na pang-utas. Hindi na nakahuma si Urso. Pupulas sana sa owner-type jeep niya pero naharang ng isa sa diumano’y dalawang salarin na sakay ng dalawang motorsiklo. Pinaputukan muna sa ulo bago tinadyakan si Urso papasok sa loob ng owner-type jeep saka binistay nang malapitan sa loob ng sasakyan. Bukod sa malapad si Urso, naisip kong hindi na rin ito makatatakbo nang mabilis at malayo dahil sa kalasingan. Diumano’y lumakad na parang walang anumang nangyari ang tirador kasama ang nanutok sa guwardya, at saka sumakay sa naghihintay na dalawang hindi naplakahang motorsiklong tumakas sa magkahiwalay na direksiyon.

Kaibigan daw ni Gusting Avergas si Urso. Si Urso daw ang kasa-kasama niya nang magsimula siya bilang reporter sa police beat kaya napakabigat daw sa damdamin na istoryahin ang isang kaibigan at kabarong walang-habas na pinatay.

Bago magsimula ang interbyu, nakita namin ni Atorni na binabasa ni Gusting Avergas ang kolum ni Urso noong araw na iyon sa *Bulgaran*. “Ang Mahiwagang Bota at Kapote ni Meyor, part 8” ang pamagat ng artikulo ni Urso. Siguradong tungkol na naman sa amo ko. Kinausap ni Atorni si Gusting Avergas. Baka daw magkaroon ng insinuation sa interbyu, pahaging ni Atorni.

“Alam n’yo na Ser Gus, lately, topic lagi ng kolum ni Urso si Meyor,” malumanay na pakiusap ni Atorni kay Gusting Avergas. “Ayaw naming makulayan ng pulitika ang nangyari hangga’t wala pang official statement ang police force namin regarding their investigation. You know, insinua-

tions, undertones. But one thing's clear, that we condemn the murder of Benito Ursolino of *Bulgaran*.”

Katwiran naman ni Gusting Avergas, detalye lang daw ng lakad namin kagabi ang itatanong niya sa akin. At hindi daw niya ilalabas sa prime time news ng kanilang estasyon ang interview. Ilalabas daw niya kung sakali ang interview sa sikat na sikat niyang programa tuwing Huwebes ng alas-onse y media ng gabi, ang “S.O.C.I.” o “Scene of the Crime Investigation.” Ilalabas “kung sakali” ang interbyu dahil baka daw may lead na ang pulisya noong araw na iyon tungkol sa mga pumatay at sa mastermind nito. At kung may lead na, hindi na kailangan pang ilabas ang interbyu sa akin dahil baka daw ma-preempt ang operasyon ng pulis.

Nakabantay naman noon si Atorni sa interbyu.

Unang tanong ni Gusting Avergas: “Bakit kayo nagkainuman ni Urso?”

Gaya ng bilin ni Atorni, walang labis, walang kulang na sinabi kong may entry kami sa derby kaya napasyal sa cock house ni Urso.

Sino daw ang nagpainom. Sabi ko, dumating akong may alak na, tapos nagpabili ako ng dagdag na bote at pulutan.

Sino daw ang mga kasama ni Urso. Sinabi kong mga taga-media din, saka si Bilibet, saka iyong mananari, handler, at mga amuyong na hindi ko na nakilala.

“Madalas ka bang magpainom sa media?”

Noon lang ang una.

“Madalas ka bang magsabong o mag-derby?”

Biglang uminit ang pakiramdam ko. Isang nagmamadaling lagnat ang kumumot sa katawan kong hindi pa nakakaahon sa bayo ng Fundador at sa takot sa pagharap sa pulis at media. May bumarang laway at hangin sa lalamunan ko. Nagpilit umakyat ang gumuguhit na asido sa sikmura ko. Hindi ko na nasagot ang tanong dahil wala naman talaga akong alam sa manok-manok o sa sabong, lalo na sa derby. Si Konsehal Dumalang talaga ang sabungero. Lulutang na emisaryo lang talaga ako ni meyor. Inapuhap ko ang mata ni Atorni.

Tumayo si Atorni sabay sigaw ng “cut tayo, Gus.” Inakbayan ni Atorni si Gusting Avergas. Kinausap nang sarilihan. Nakasimangot na si Gusting Avergas nang pasigaw na sinabi sa crew niyang hindi na itutuloy ang in-

terbyu. Parang korteng “putangina” ang naging buka ng bibig ni Gusting Avergas bago siya lumabas ng mayor’s office. Matalas ang tingin sa akin ni Gusting Avergas. Walang kangiti-ngiti. Walang pasa-pasalamat. Tuluyan na akong nilagnat.

Kinagabihan, habang nakahiga at may nakapatong na basang bimpo sa noo ko, napanood ko ang putok na putok na istorya ng pag-ambush kay Urso sa balita sa telebisyon. Nag-report si Gusting Avergas. Hinintay ko ang parte ko sa ulat.

“Hindi pinayagan ng kaniyang abogado si Julius Manigbas, alias Jul, na diumano’y tauhan ni Meyor Prudencio ng Malabon, na makapanayam siya upang linawin ang kaniyang kaugnayan sa biktima. Pero ayon sa inisyal na ulat, kasama diumano ni alias Jul si Ursolino sa isang sabungan sa Mac-Arthur Highway dito rin sa Malabon bago mangyari ang pananambang.

“Matatandaang ilang araw nang paksa ng kolum ni Ursolino si Meyor Prudencio dahil sa kontrobersiyang kinasasangkutan ng alkalde hinggil sa maanomalyang pagbili ng mga bota at kapote ng mga barangay tanod sa nabanggit na lungsod.

“Samantala, nagpalabas naman ng opisyal na pahayag ang Malabon sa pamamagitan ng city administrator nito: (binasa ng city administrator ang pahayag na isinulat ko pagkatapos ng naputanginang interbyu ni Gus sa akin) *The city government condemns this barbaric act, this cowardice, this cold-blooded murder of Benito Ursolino of Bulgaran. We assure everyone, especially the dedicated members of our fourth estate—the media—that this is an isolated case. The city government and the whole Malabon Police as well as the full force of the Northern Police District headed by Chief Superintendent Bernardo Verastigue are leaving no stones unturned; in fact the city government and Chief Superintendent Verastigue just created ‘Taskforce: Urso,’ the team will solely handle the investigation of the case. Mayor Prudencio is also offering a two-hundred thousand peso reward to those who can offer intelligence data that can lead to the arrest and prosecution of the suspects.* Sa kabila nito, iisa lang ang hinihintay ng mga kaanak, kaibigan, at katrabaho ni Ursolino, mabilis na hustisya. Gusting Avergas, patrol ng Filipino, Malabon.”

Posibleng maraming kaaway si Urso, ispekulasyon ng ibang segment ng balita. Kagawad siya sa kanilang barangay. Maraming adik na pusher na nakabangga. Tapos, pinakamasigasig si Urso sa mga dyaristang tumutok sa shabu market sa North Bay Boulevard nang ma-raid ito noong nagdaang

taon. Ibinulgar diumano ni Urso ang mga protector at operator ng shabu market na pawang matataas na opisyal ng militar. Si Urso ang nagbinyag at nagpasikat sa bansag na North Bay Boys sa mga kasangkot sa kaso. Nakakulong na ang mga diumano’y protector at operator, at dinidinig na ang kaso sa korte. At siyempre, nabanggit din ang mga kolum ni Urso tungkol sa bota at kapote ni Meyor.

SA BISA NG NAG-IISANG text, na-exile ako sa bahay ni Meyor sa Lourdes Subdivision sa Baguio. Sabi ng text sa akin: “MARAMI KANG ALAM JUL. SUSUNOD KA NA KAY URSO” Sapat na ang mensaheng iyon para itago ako sa Baguio kasama ang isa sa pinakabeteranong bodyguard ni Meyor. Kinausap ako ni Tito Ben, sinabing temporary lang daw ang bakasyon ko. Tuloy-tuloy ang suweldo ko at puwede pa akong mag-aral sa Baguio ng Law kung gugustuhin ko. Sagot lahat ni Meyor ang gastos. Buhay-prinsipeng hindi makalabas-labas ng kastilyo ang buhay ko. Natural na alalang-alala ang mga magulang kong OFW na salamat kay Tito Ben—ang puno’t dulo ng lahat ng kinasangkutan ko—na hindi naman nagkulang sa pagbabalita sa aking magulang tungkol sa kalagayan ko sa Baguio. Madalas akong tumawag sa mga kaibigan at kamag-anak gamit ang halos sampung sim card ng cell phone.

Tatlong linggo halos ang lumipas nang tuluyan nang matabunan ng ibang istorya ang pagkamatay ni Urso. Matapos ang bumahang pagkondena sa pamahalaan at pulisya dahil sa pangunguna ng Pilipinas sa bansang pinakadelikado para sa media, naging karaniwang tantos na lamang si Urso sa statistics na ito. Kahit lumabas ang mga cartographic sketch, walang nadakip na suspek sa kaso ni Urso. Wala nang napabalitang progreso.

Tatlong buwan na ako sa Baguio at nakakauwi-uwi na rin sa Malabon nang dalawin ako ni Braulio, ang humaliling presidente ng Camanava Press Corps, isang Sabado ng Setyembre. Bumalik na parang matagal na nawalay na kaibigan ang kaba at takot ko sa nangyari kay Urso at sa death threat sa akin. Nag-aaral na ako sa Baguio. Ni-recall na rin noon ni Meyor ang bodyguard ko. Isang katiwalang taga-Malabon na lang ang kasama ko sa bahay-bakasyunan ni Meyor.

Nabanggit daw ni Mang Max na nasa Baguio na ako, sa rest house ni Meyor na ilang beses na rin daw natuluyan ni Braulio kapag nasa Baguio siya.

“Palagay mo, kung di ako parehas, pagtitiwalaan ba ‘ko ni Mang Max? Syempre kaalyado n’yo ‘ko,” paglilinaw pa ng presidenteng tila aparisyon sa harap ko.

Lalo akong hinambalos ng kaba nang may tawagan sa cell phone si Braulio. Ipinasa sa akin ang kausap.

“Tito Ben mo ‘to. Kaibigan natin si Braulio. Okey ‘yan.”

May bago akong kaibigan, praning ang pangalan. Kaya pagkatapos kong makausap ang nagpakilalang si Tito Ben ko raw, tiningnan ko ang numero ng cell phone niya sa telepono ni Braulio. Pareho ng nasa phonebook ng cell phone ko. Nabawasan ako ng kaunting takot at kaba.

“Alam mo bang dito ‘ko graduate ng Journalism?” simula ni Braulio noon. Sa veranda kami ng rest house ni meyor nagkape. Taga-Pangasinan pala si Braulio. Ikinuwento niya ang buhay niya sa Baguio, kung bakit Journalism ang kinuhang kurso, ang mga kaibigan, mga tinambayan, at ang buhay niya sa on-the-job training sa *Baguio Midland Courier*.

Una’t huling beat ni Braulio sa *Metro Bulletin* (*Metro Bull* daw, in short) ang Camanava. Sa Caloocan na siya nakapag-asawa, at doon na tumira. May negosyong furniture sa Maypajo ang pamilya ng Tsinoy na misis ni Braulio. At dahil pahulugang furniture at appliances ang negosyo ni Tito Ben na humahango sa pamilya ng asawa ni Braulio, nagkakilala sila nito. Barangay Tanod Executive Officer pa lang ng Maysilo si Tito Ben noon.

Mula sa kabundukan, nakatira siya ngayon sa karagatan ng Camanava, banggit niyang iiling-iling na para bang sising-sisi siya sa naging buhay.

“Pero walang pagsisisi ha, best of both worlds,” sabi niyang nakangiti bago higupin ang lumamig na kape. Pagkababa ng mug, tinutop niya ang dibdib, “Nasa Camanava na ang puso ko, Jul.” Unti-unting nabawasan ang takot ko noon kay Braulio, nagkaroon na ng katawan at mukha ang aparisyon ng presidente.

Sa pananghalian, nalaman kong tatlo ang anak ni Braulio. Magkolehiyo na ang panganay sa susunod na pasukan. Sa Saint Louis o sa University of Cordilleras niya balak pag-aralin. Kahit anong kurso ang magustuhan. Malamig kasi at natututong maging independent agad ang bata. Oo, maraming tukso, pero katwiran nga ni Braulio, saan ba wala? Nalaman ko rin ang iba’t ibang adventure niya sa Camanava Press Corps. Ang buhay ng media sa loob at labas ng propesyon. Hindi dumako kay Urso ang kuwentuhan.

Natulog ang presidente pagkatapos ng tanghalian. Nagpabili sa katiwala ng resthouse ng beer at pulutang papaitang kambing pagkagising. Sinabi niya sa akin pagkaalis ng katiwala na pondo ni Meyor ang ipinambili niya ng beer at pulutan, pati ang pamasaha niya at allowance pagpunta ng Baguio. Nagtaka akong hindi ko na pinagtakhan ang tungkol sa pondo ni Meyor. Hindi ko na rin pinagtakhan nang sabihin niyang utos ni Meyor ang ginawa niyang pagpanhik para kausapin ako. Ito lang ang pinagtakhan ko: kung bakit kailangan pa akong sadyain samantalang puwede naman akong pababain noon sa Malabon at doon kausapin dahil kung tutuusin, empleyado pa rin naman ako ng city hall, tuloy-tuloy ang suweldo kahit walang serbisyo. O ghost employee.

“WALA NA KASING KABA si Urso. ‘Yun ang nakakatakot sa trabaho namin. Natin.”

Natin?

“Pinabababa ka na ni Meyor at ni Kapitan Ben. Tapusin mo na lang ‘tong sem. Sa Maynila mo na lang daw ituloy, sa Beda, sa UST, sa Arellano, sa Baste uli. Madami kang pamimiliang law school du’n. Hawakan mo na daw ang public information.”

Konsehal pa lang ng Malabon si Meyor at kagawad pa lang ng Baranggay Maysilo si Tito Ben nang maging magkaibigan. Si Tito Ben na ang isa sa tumatayang political adviser ni Meyor mula noon. Isa rin daw sa adviser si Braulio. At napagkasunduan nilang tatlo na kailangan ng isang korderong haharap sa media. Sa loob ng dalawang buwan na pagtatrabaho ko nang full time noon, napansin daw ni Urso ang diplomasya at galing kong maktungo sa kanilang mga miyembro ng media sa kabila ng mga bira sa amo ko. Napansin na rin daw ito ni Braulio kaya iminungkahi daw niya kay Meyor na magkita-kita kami sa Del Monte noong derby. Sa derby! Noong gabing tinambangan si Urso! Biglang pumait ang beer na muntik ko nang maibuga. Nag-rewind ang eksena sa loob ng cock house at gasolinahan sa Letre. Bumakat sa isip ko ang slide show ng mga retrato ng nakangising si Urso habang nakasumpal ang baluktot na Hope, habang hinihimas ang talisain, habang inaayos ang salamin sa mata, habang lumalaklak ng Fundador, at ng isang bangkay na nakasiksik sa driver-seat ng kaniyang owner-type jeep, nakasubsob, duguan.

“Mayor Bota” at “Mayor Kapote” na daw ang naging bansag kay Meyor ng mga taga-Malabon. Epekto ng pagbira nang husto ni Urso. Dagdag pa ang pagkakasampiyad ng pangalan ni Meyor sa listahan ng posibleng may motibo para iligpit si Urso.

“Planuhin nating mabuti. Nasa likod ako every step of the way. Kelangan lang namin ni Meyor ng talking head at organizer.” Pangalawang bote na ni Braulio. Iilang lagok pa lang ang nababawas sa una kong boteng uminit na sa tagal ng pagkakahawak ko.

Maayos daw akong sumulat ng release at statement. Mabait daw ako. Bata. Nasa linya ng pinag-aralan at nasa dugo ang politika. At higit sa lahat, nag-iisip. Asset. Idinagdag pa ni Braulio ang ipinapasabi raw ni Tito Ben, na dapat na raw akong pakinabangan ng city hall lalo na ni Meyor.

Bigla kong naalala ang pabetlog-betlog ni Urso noong derby. Unang binanggit na ipakakapon ni Urso ang betlog nila Bilibet kapag tinalo ng bantres ni Konsehal Dumalang ang talisain. Pangalawang nametlog si Urso nang sinabi niyang nasa media na siya nang nasa betlog pa daw ako ng tatay ko. Iyong huli, si Mang Max na walang betlog kausap. Hindi binanggit ni Braulio kung kasama sa katangian ko ang pagkakaroon ng betlog kaya nila ako piniling maging talking head. Mapait ang lumigamgam na beer. At napapait ang luto ng biniling papaitang kambing.

“Ser Braulio, sino’ng nagpapapatay kay Ser Urso?” Wala pa kasi akong maitanong noon tungkol sa mga binabanggit at mga paliwanag ni Braulio. Ayoko namang magtanong tungkol sa betlog.

“Siguradong hindi si Meyor,” nilasahan ni Braulio ang sabaw na kahahango lang sa kaldero. Napangiwi siya sa pait. “Alam mo... kase, si Urso... basta, ‘tapang e. Minsan, minsan wala na sa lugar,” nakasimangot sa pait niyang inimik.

“Nagkakagulo daw kayo bago s’ya maging president?”

“Bakit, tumino ba kami? Lip-service lang ‘yung sinabi ni Urso na okey na kami, pampataas ba ng presyo.” Tumayo si Braulio. Ibinalik ang sabaw sa kaldero. Ininit uli ang papaitan, nagdagdag ng tubig. Naghanap ng kalamansi sa refrigerator. Nang walang makita, nagpabili sa katiwala na nanonood ng telebisyon sa sala. “Para magmukha kaming buo, at saka, ano ka, atat na atat si Urso na maging president, anong ayaw n’ya,” dagdag pa ni Braulio habang hinahalo-halo ang sabaw ng papaitan sa kaldero.

Pakiramdam ko, naglalasing-lasingan lang si Braulio noong mada-ling-araw sa cock house. Iyon na kasi sana ang isusunod kong tanong sa kaniya. Kung napilitan lang talaga si Urso na maging presidente ng Camanava.

“Galit ka sa kanya, Ser? Dapat yata, hmmm, suspek kayo e, tapos vice pa n’ya kayo dati,” pabiro, na sana ay nagtunog biro kong sabat.

“Di ako galit sa pobre, Jul, kaya lang ayaw namang makinig e. Hinangin ang ulo,” tuloy pa rin ang halo sa papaitan. Umuusok na ang walang takip na kaldero. “Di ako magmamalinis, wala akong plano ‘no, pero di rin naman ako manggugulo gaya ni Urso lalo na kapag di nakuha’ng gusto,” Dumating ang kalamansi. Piniga, isinama sa kaldero pati ang balat. Lutong panggalatok daw. E di mapait din, sa isip-isip ko.

“Tikim ka,” umaaso sa init ang papaitan pero nabawasan nga ng pait. Napalitan ng asim. Tinungga ko nang madalian ang uminit na beer.

“Nagkakagulo ngayon sa Camanava. Andaming ayaw sa ‘kin. ‘Dami ngang naghahamon ng eleksiyon, pero next year pa dapat,” nagbukas uli si Braulio ng beer. Pangatlo. Kauubos ko pa lang ng isa. “Sabi ko, sige, botohan, kudeta, anarchy, tatal ganu’n naman ang utak ng grupo e.”

Ganoon yata ang walang practice sa inom, madaling mahilo. O nahilo na lang ako sa kuwento ng pangulo. Hindi ko alam kung nagmamalinis si Braulio, o paano.

Inisa-isa ni Braulio ang raket ni Urso sa Camanava hanggang Quezon City at Bulacan. Mula night club, video karera hanggang peryahan. Mga AC-DC. Lumiit sa isip ko ang mataba, napapanot at nasasalamanang itsura ni Urso.

“Para pala kayong... ano ba, sindikato ba?” Natakot akong ma-offend si Braulio.

“Parang gan’un nga, kahit pulis takot sa ‘min e.” Kaswal na sagot niya. Hinarap ni Braulio ang pulutan. Hindi tinantanan hanggang hindi nauubos ang nasa mangkok. Pagkaubos, sumandok uli. “Pero syempre atin-atin lang ‘yung tungkol kay Urso ha. Alam ko naiintindihan mo na ‘to, he he, ‘til proven otherwise.” Noon lang nagkatunog ang tawa ni Braulio.

“Pramis,” sabi ko nang nakataas ang kanang kamay na may nakaipit na sigarilyo.

“Di ako magmamalinis sa ‘yo, Jul. Magka-college na’ng panganay ko dito. Halos lahat sa ‘min, rumaraket. Naka-retainer ako kay Meyor. Bagsak

ang furniture ni misis, di pwedeng asahan kung suweldo ko lang,” humugot ng pagkalalim-lalim na hininga si Braulio. “Di ako idealist, pero di naman kasing lost command ni Urso.”

“Teka Ser, bakit di n’yo inayos si Ser Urso nu’ng binibira kami?”

Pinayuhan daw niyang mag-ingat si Urso at dahan-dahanin kami. Dumami na ang nababangga ni Urso. Sinabi niyang baka isabay sa isyu ng kapote at bota ang pagbanat sa kanya dahil sa dami ng parehong pattern ng nililikidang media. Hinangin sa ulo. Walang pinakinggan si Urso. Ni wala daw dalang bakal noong madaling-araw na iyon. Iniwana sa kabit niya. Hindi rin daw niya maintindihan dahil may araw naman daw na akala mo dadalo ng party sa Afghanistan sa dami ng bitbit na bakal. Noong gabing ma-ambush si Urso, betlog lang daw ang bitbit pauwi.

Betlog na naman.

Pakiramdam daw ni Braulio, ang North Bay Boys ang nagpatira kay Urso. Isinabay lang sa isyu ng bota at kapote para mabintang kay Meyor. Kinarir daw kasi ang pagiging drug czar sa Navotas. Bukod pa sa napaka-predictable diumano ang pag-uwi ni Urso, laging madaling-araw. Iisang gasolinahan lang ang pinagpapakargahan dahil nakaka-discount at nakakautang daw siya dito kapalit ang hindi pagbulgar sa raket na paihi sa pier ng may-ari ng Morning Blue Gasoline Station. “Kung di ba naman ungas,” pahabol pa ni Braulio.

Si Braulio na rin ang naglayo sa kuwento tungkol kay Urso at sa Camanava Press Corps. Inisa-isa ang mga dapat kong gawin sa siguradong liyamadong re-election bid ni meyor. Isinulat ang kalendaryo ng mga mangyayari mula kampanya hanggang canvassing hanggang proklamasyon. Isinulat ang mga scenario lalo na ang magiging hakbang ng kalaban namin na diumano’y hawak din ng ilang taga-Camanava Press Corps. Hindi na naalala ni Braulio ang lutong-panggalatok na papaitan na tuluyan nang lumamig.

Nang magpaalam siya para matulog, ibinulong kong hindi pa ako sumasagot sa lahat ng sinabi niya. Tapik sa balikat ang itinugon niya sa akin bago siya pumasok sa kuwarto.

Hindi ko na inabutan si Braulio kinabukasan. Ayon sa katiwala ng rest house, maaga daw bumiyahang pangulo dahil dadalaw sa mga kamag-anak sa Pangasinan bago bumaba sa Calocan. Noon ko lang naungkat ang cell phone ko. Nakapitong missed call si Tito Ben. May dalawang

text message din na nagtatanong kung ayos lang daw ba ako at kung kailan daw ako bababa para mag-full time sa trabaho. Noong gabi pa ito ipinadala. Ang isang text ay kinaumagahan ko na natanggap. Nangungumusta.

Ito ang text ko noon kay Tito Ben: “Gud am. Di na me muna ba3x jan. Nxt wik reresign na po ako. Pksabi ky mayor. Aral muna me d2. Ska takot pa po me sa lahat ng nangyari. Senxa na po, decided na me. Umwi na po prez braulio.ü” Nagpahabol pa ko ng isang text: “Gudluck konsi tito ben! Malabon needs u.;-)”

“K. Galingan mo aral. Ingat lagi, atorni. Dalaw me jan minsan.” Sagot ni Tito Ben.

Tinawagan ko din ang mga magulang ko ng araw na iyon. Sinabi kong magpadala agad ng pera sa Western Union dahil kailangan kong humanap ng bagong matitirhan. Kinabahan na naman siyempre ang mga magulang ko dahil sa biglaang pagbabago ko ng tirahan sa Baguio. Sinabi kong resigned na ako at hindi na puwedeng tumira sa rest house ni Meyor.

NATALO SI MEYOR BOTA. Landslide. Nadamay ang Tito Ben ko dahil nakasuot daw ng “bota at kapote” sa kampanya. Walang nagawa ang tag-line na “Mayor Prudencio, Mayor na Makatao!” at “Malabon, Tuloy-tuloy ang Pagsulong!” Mas tinandaan daw ng mga tao ang islogang bitbit ng kalaban: “Mayor Bota at Kapote: Walang Gawang Mabuti!” at “Lubog na Malabon: Sama-sama Nating Iahon!”

Tuwing makababasa ako ng *Metro Bull* ngayon, iba na ang by-line ng nasa Camanava beat nila. Nababasa ko na si Braulio sa mga balitang paksa ang Department of Health, Simbahang Katoliko, at PAGASA. Awtomatikong hindi na siya presidente ng Camanava Press Corps kung hindi na ito ang beat niya. Kung demotion o promotion iyon sa kanya bilang dyarista ay hindi ko na nalaman.